

**PARA SA MGA BANYAGA**  
**HANDBOOK UPANG MAIWASAN**  
**ANG PINSALA SA PANAHON**  
**NG SAKUNA**



**MATSUMOTO CITY**

# Talaan ng Nilalaman

## LINDOL 4

1 Ano ba ang Lindol? 4

2 Ano ang mga dapat gawin sakaling lumindol ? 5

## Malakas na ulan. Baha.Pagguho ng lupa 8

1 Malakas na ulan..Pagbaha 8

2 Pagguho ng Lupa 9

3 Ano ang mga dapat gawin sa panahon ng malakas na ulan,  
baha at may pagguho ng lupa ? 9

## BAGYO 10

1 Mga paghahanda bago dumating ang bagyo 11

2 Ano ang mga dapat gawin sa panahon ng bagyo ? 11

## Paglikas at Karaniwang Paghahanda 12

1 Paglikas 12

2 Tungkol sa Evacuation Area 13

3 Karaniwang Paghahanda 14

## Impormasyon tungkol sa Sakuna 16

1 ANPI KAKUNIN < pag-kumpirma kung ligtas o hindi > 16

2 Alamin ang mga impormasyon tungkol sa Sakuna 17

## BOUSAI MEMO 19


# Paunang Mensahe

## Para sa mga Banyaga

Ang Japan ay bansang madalas manganib dahil sa mga kalamidad tulad ng Lindol, Bagyo at malakas na pag-ulan. Lalo na ang lindol, sa kadahilanang hindi mo malalaman kung kailan ito mangyayari.

Importanteng malaman ang mga paghahanda upang maiwasan ang malubhang pinsala >pagkasugat, pagkawasak ng bahay< dulot ng sakuna.

Maraming importanteng kaalaman ang nilalaman ng handbook na ito na maaaring mailigtas ikaw at ang iyong mga mahal sa buhay mula sa pinsala. Maiging basahin ito kasama ang iyong pamilya.



Importante ang pagtutulungan sa inyung lugar sa panahon ng kalamidad. Makisali sa mga gawain sa inyung lugar at maiging kilalanin ang mga kapitbahay na pinakamalapit.

Matutulungan ka nila sa panahon ng lindol.

Makipag-alam sa

Matsumoto City Office Human Rights • Gender Equality Division

Matsumoto Multicultural Plaza

Tel 0263-39-1106




# LINDOL (Pagyanig ng Lupa)

## 1 Ano ba ang LINDOL ?

Ang lindol ay isang malakas na pagyanig ng lupa. May malakas at mahinang lindol. Nasisira ang mga gusali sa sobrang lakas ng pagyanig. Pati ang mga linya ng tubig at elektrisidad ay apektado at hindi magagamit. Inaasahan ang mga paulit ulit na pagyanig pagkatapos ng isang malakas na lindol.



### [Intensity < sukat ng lakas ng pagyanig >]

Intensity 1	Di mamamalayan ang pagyanig.	
Intensity 2	Mararamdaman ng bahagya ang pagyanig.	
Intensity 3	Mararamdaman ang pagyanig sa loob ng kabahayan.	
Intensity 4	Magiging ka at mararamdaman ng lahat ang pagyanig.	
Intensity 5 (mahina)	Makakaramdam na ng panganib. Magsisitumbahan ang mga lagayan ng plato at baso, at mga istante ng aklat.	
Intensity 5 (malakas)	Magsitumbahan ang mga istante at aparador. Mahihirapan sa paglakad.	
Intensity 6 (mahina)	Hindi makakatayo. Sira ang mga pintuan at hindi mabuksan. Sira ang kabahayan.	
Intensity 6 (malakas)	Hindi makakatayo. Sira ang kabahayan.	
Intensity 7	Hindi makakagalaw. Sira ang mga gusali maging ang mga kalsada.	

## 2 Ano ang gagawin sakaling lumindol ?

### (1) Earthquake early warning > babala bago lumindok

May dumadating na mensahe sa inyung mga cellphones tuwing may inaasahang paparating na malakas na lindol o tinatawag na EARTHQUAKE EARLY WARNING. Kapag nakatanggap ng ganitong mensahe, kinakailangang kumilos agad upang protektahan ang sarili at masiguro ang kaligtasan.



### (2) Kung nasa loob naman ng bahay..

- 1 Huwag agad magmadaling lumabas. Maaaring may mga bagay na magbabagsakan mula sa itaas. Magtago sa ilalim ng lamesa at protektahan ang sarili. (Lalung-lalo na ang ulo.)
- 2 Upang maiwasan ang sunog, patayin agad ang apoy pagkatapos ng pagyanig.
- 3 Para sa mabilisang paglikas, buksan ang mga bintana at pintuan.
- 4 Magsuot ng sapatos upang maiwasang mapinsala.
- 5 Ihanda ang mga importanteng dalahin sa paglikas. (tingnan ang pahina 15.)
- 6 Magmasid at pakiramdamang mabuti ang kaligtasan sa paligid pagkalabas.



### (3) Kung nasa labas habang lumilindol...

- ★ Kung nasa paaralan o opisina  
Lumayo sa bintana at malalaking estante.  
Magtago agad sa ilalim ng mesa o lamesa.  
(protektahan lalo na ang ulo. )



- ★ Kung nasa supermarket o department stores  
Lumayo sa mga babasagin at protektahan ang ulo. Mag-ingat sa mga nagsisibagsakang bagay. Makinig sa sasabihin ng establimento.




- ★ Kung habang nagmamaneho ng sasakyan  
Itabi ang sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalsada at patayin ang makina. Lumikas na at iwanan ang susi sa loob ng sasakyan.  
Magtungo sa pinakamalapit na evacuation area o ligtas na lugar.



- ★ Kung nasa loob ng bus o tren  
Kumapit ng mabuti sa mga hawakan. Huwag agad bumaba. Makinig sa sasabihin ng drayber.

- ★ Kung nasa loob naman ng elevator  
Pindutin lahat ng button sa loob. Pag bumukas ang pinto, magmadaling lumabas.  
Gamitin ang hagdanan sa paglikas.





★ Kung malapit sa isang gusali  
Mawawasak ang gusali at  
magsisibagsakan ang mga bagay mula sa  
itaas. Lumayo agad sa gusali.



★ Kung malapit sa dagat  
Magkakaroon ng tsunami. Lumikas at  
magtungo agad sa mataas na lugar.  
Magtungo sa lugar na malayo sa dagat.



#### (4) Mga Paghahanda

Hindi natin alam kung kelan lilindol. Pero  
bago pa man mangyari yun, may mga  
bagay na kailangan nating gawin bilang  
paghahanda.

★ Ang mga muwebles tulad ng drawers,  
estante ng mga aklat, lagayan ng mga  
plato at baso ay kailangan kabitan ng  
metal o matibay na harang upang hindi  
ito matumba sakaling lumindol.



★ Huwag patungan ng mabibigat na  
bagay ang ibabaw ng mga muwebles.



★ Dikitan ng film ang mga bintanang  
babasagin para kung sakaling lumindol  
at mabasag ito ay di magkalat ang  
mga bubog. Sa pamamagitan nito,  
mababawasan ang pinsala.



★ Ihanda ang mga bagay na dadalhin  
sa panahon ng paglikas. (tingnan ang  
pahina 15. )

# Malakas na ulan. Baha. Pag

## 1 Malakas na ulan • Baha

May mga pagkakataong malakas ang ulan sa maikling oras at meron ding tuloy tuloy ang buhos ng malakas na ulan.

May mga pangyayaring lulubog sa baha ang mga kalsada at kabahayan, aapaw ang tubig sa ilog at masisira ang mga dike.

Mapapadalas ang pag ulan sa kalagitnaan ng tagsibol at tag init. O tinatawag nilang tsuyu >panahon ng tag ulan <.



### [Sukat ng dami ng ulan]

Sukat sa isang oras na pag ulan (mm)	Paglarawan	Kondisyon	
10mm pataas hanggang 20mm	Medyo malakas na ulan	Halos di magkakarinigang sa loob ng bahay dahil sa lakas ng tunog ng ulan.	
20mm pataas hanggang 30mm	Katamtamang lakas ng ulan	Mababasa ka parin kahit naka payong. At kahit mabilis na ang wiper ng kotse ay hirap parin makita ang kalsada.	
30mm pataas hanggang 50mm	May kalakasan na ulan	Magmistulang ilog ang mga kalsada. Malambot ang lupa sa pangpang at mga bundok.	
50mm pataas hanggang 80mm	Matinding ulan	Mapanganib ang magmaneho ng sasakyan. Mistulang ilog ang mga lupa at malalaking bato na dadaloy mula sa bundok at pangpang.	
80mm pataas	Lubhang napakalakas na ulan	Inaasahan ang malaking pinsala mula sa kalamidad.	







## 2 Pagguho ng Lupa

Dahil sa malakas na ulan, mabababad sa tubig ang lupa sa mga bundok at pampang. Sanhi ng pagkalambot nito, guguhho at dadaloy na parang ilog.

DOSEKIRYUU (mudslide) ····Pagdaloy ng putik, bato at mga kahoy

GAKEKUZURE (landslide) ····Paglambot ng lupa sa pampang

JISUBERI (landslide) ········Paggalaw at pagbagsakan ng lupa



## 3 Ano ang gagawin sa panahon ng Malakas na Ulan • Baha • at may Pagguhho ng lupa ?

- Huwag magtungo malapit sa mga ilog.
- Magtungo sa ligtas na lugar kung may mangyaring pag apaw ng tubig sa mga kanal at manhole.
- Kung abot hanggang tuhod ang baha sa may labasan, mangyaring magpunta sa 2<sup>nd</sup> flr o sa mas mataas na parte ng bahay.
- Dahil sa matinding ulan, guguhho ang ibang bundok. Huwag magtungo malapit sa mga pampang.








# BAGYO

Ang bagyo ay ang namuong ulap ulan sa bandang timog na karagatan ng Japan. Maraming dumadating na bagyo sa mga buwan ng Agosto hanggang Oktubre. Sobrang lakas ng ihip ng hangin at maraming ulan ang ibubuhos.



## [Lakas ng Hangin]

Bilis ng hangin (m/s)	Paglarawan	Kondisyon
10 m pataas 15 m pababa	Di gaanung kalakasan	Mahirapang maglakad nang pasalungat sa direksyon ng hangin. Di magagamit ang payong. 
15 m pataas 20 m pababa	Malakas na hangin	Di makakalakad sa lakas ng hangin. May mga nadadapa at natutumbang tao. Ang mga pintuan at shutters ay maingay. 
20 m pataas 25 m pababa	Sobrang malakas na hangin	Hindi ka makakatayo kung wala kang kakapitan. Magiging mapanganib ang pagmamaneho ng sasakyan. 
25 m pataas 30 m pababa		Hindi makakatayo. Mapanganib sa labas ng bahay at mga gusali. Nasisira ang mga pader na gawa sa blocks. 
30 m pataas	Matinding lakas ng hangin	Bagsakan ang mga puno. May mga bahay na masisira at magsisiliparang mga bubong. 



# 1 Mga paghahanda bago dumating ang bagyo

- Manuod ng tv, makinig sa radio o sa pamamagitan ng internet, sumagap ng mga bagong impormasyon.
- Suriin ang mga bagay sa palibot ng bahay at siguraduhing hindi liliparin ng hangin.
- Susian ang mga pintuan at bintana.
- Maaring di magamit ang tubig sa gripo kaya maghanda ng tubig maininom.
- Lagyan ng tubig ang bath tub. (magagamit ito sa palikuran. )
- Maaaring mawalan ng kuryente kaya maghanda ng mga kandila at flashlights. (Mag ingat ng mabuti sa paggamit ng kandila upang di magkasunog)
- Ihanda ang mga gamit na dadalhin kung sakaling kinakailngang lumikas. (tingnan ang pahina 15. )
- Alaming mabuti ang mga lugar na pwedeng paglikasan o evacuation area.



# 2 Ano ang gagawin sa panahon ng bagyo ?

- Huwag ng lumabas kung hindi rin lang kailangan.
- Huwag magtungo sa mga lugar malapit sa ilog at dagat.
- Magtungo sa mga ligtas na lugar tulad ng evacuation area kung sakaling may pag apaw ng tubig sa mga kanal at manhole.
- Kung lampas tuhod ang tubig sa may labasan, mangyaring magpunta sa 2<sup>nd</sup> flr o sa mas mataas na parte ng bahay.
- Dahil sa matinding ulan, guguho ang ibang bundok. Huwag magtungo malapit sa mga pampang.



# Mga karaniwang paghahan

## 1 Paglikas

- ☐ Sa panahong may paparating na sakuna, ang city hall ay nagpapadala ng mensahe sa lahat ng mamamayan sa pamamagitan ng BOUSAI GYOUSEI MUSEN (brodkast ng impormasyon sa panahon ng sakuna).

[SALITANG GINAGAMIT SA PAGLIKAS] ※Tandaang mabuti ang mga importanteng salita

Gaano Kadelikado	Katawagan	Kahulugan
Alert Level <b>5</b>	Pagtiyak sa pang-emergency na kaligtasan	May sakunang nangyayari. Magmadali at lumikas na. Lubhang mapanganib.
<Siguraduhing makalikas na hanggang sa level 4 ng babala ! >		
Alert Level [Pangkalahatang Paglikas] <b>4</b>	Tagubilin sa Paglikas	Lisanin na ang lugar ngayun na!
Alert Level [Lumikas na ang mga bata at matatanda] <b>3</b>	Paglikas ng mga nakatatanda at iba pa	Mauna ng magsilikas ang ang mga matatanda, may kapansanan at mga buntis.
Alert Level <b>2</b>		Maghanda para sa paglikas.
Alert Level <b>1</b>		Inaasahang may paparating na sakuna.

- ☐ Lumikas sa mga ligtas na lugar, shelters at mga EVACUATION AREA na nasa paaralan o sa mga community hall.
- ☐ Kung maaari, maglakad at huwag gamitin ang sasakyan sa paglikas. Madaling mahubad ang mga boots kaya kung maaari, mag suot ng sapatos na di ka mhirapang maglakad tulad ng mga sapatos na goma.





## 2 Mga kaalaman tungkol sa Evacuation area

- Kahit na sinung tao, Hapon, dayuhan, mapa turista ay pwede at libreng gumamit ng evacuation area.
- Kumpleto sa pagkain, inumin, gamit sa pang araw-araw, impormasyon tungkol sa sakuna at may matutulugan.
- Ang evacuation area ay lugar kung saan lahat ng mamamayan sa lugar ay pwedeng gumamit. Sumunod sa mga batas at panuntunan.
- Alamin ang pinakamalapit na shelter mula sa tinitirhan. Magtanung sa city hall kung hindi alam.



# 3 Karaniwang Paghahanda



- Ituro sa bawat miyembro ng pamilya ang tungkol sa evacuation area at paraan ng pagkontak sa bawat isa.
  - Mas maiging puntahan ang lokasyon ng lilikasan kasama ang bawat miyembro ng pamilya at pag usapan ito.
  - Importante ang pagtutulongan ng magkakapitbahay sa panahon ng sakuna. Maiging gawing karaniwan ang pagbabati sa kapitbahay at kaibiganin sila.
  - Sa panahon ng sakuna, maaring mawalan ng tubig at pagkain.
- Maghanda sa bahay ng mga bagay na di agad masisira.

## [Mga bagay na mas mabuting iimbak para sa pinsala (HIJOU BICHIKUHIN)]

Pagkain	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> tubig (pang tatlong araw [1 ka tao=3L isang araw])</li> <li><input type="checkbox"/> biskwit</li> <li><input type="checkbox"/> de lata • nakapaketeng pagkain</li> <li><input type="checkbox"/> instant noodles</li> <li><input type="checkbox"/> kendi • tsokolate</li> </ul>	
Mga Gamit sa araw-araw	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> mag imbak ng tubig pampaligo sa mga malalaking lagayan tulad ng polytank</li> <li><input type="checkbox"/> posporo • kandila • lighter</li> <li><input type="checkbox"/> damit • damit-panloob</li> <li><input type="checkbox"/> pantakip sa pagkain</li> <li><input type="checkbox"/> paperplates</li> <li><input type="checkbox"/> chopsticks • kutsara • tinidor</li> <li><input type="checkbox"/> plastic bags</li> <li><input type="checkbox"/> portable cooking stove • gas cylinder</li> </ul>	



Palitan ng bago ang tubig at mga damit



## 【Mga kailangang dadalhin sa paglikas (HIJOU MOCHIDASHIHIN)】

Pagkain	<input type="checkbox"/> tubig (pang tatlong araw [1 ka tao=3L isang araw]) <input type="checkbox"/> biskwit <input type="checkbox"/> de lata • nakapaketeng pagkain <input type="checkbox"/> instant noodles <input type="checkbox"/> kendi • tsokolate <input type="checkbox"/> food supplements	
Mga Gamit sa Araw araw	<input type="checkbox"/> posporo • kandila • lighter <input type="checkbox"/> plastic bags <input type="checkbox"/> celphones • charger	
Mga Gamot	<input type="checkbox"/> gamot na iniinum sa araw araw	
IMPORTANTENG DOKUMENTO	<input type="checkbox"/> PERA <input type="checkbox"/> PASAPORTE <input type="checkbox"/> RESIDENCE CARD <input type="checkbox"/> MY NUMBER CARD <input type="checkbox"/> BANKBOOKS • STAMP SEAL <input type="checkbox"/> DRIVER'S LICENSE CARD <input type="checkbox"/> HEALTH INSURANCE CARD <input type="checkbox"/> Ekstrang salamin • contact lenses <input type="checkbox"/> ekstrang susi ng bahay at kotse	
Mga kailangan sa shelter	<input type="checkbox"/> flashlight <input type="checkbox"/> radyo <input type="checkbox"/> baterya <input type="checkbox"/> helmet <input type="checkbox"/> whistle <input type="checkbox"/> sapatos na gagamitin sa loob ng shelter	
Kasuotan	<input type="checkbox"/> damit • panloob • medyas <input type="checkbox"/> long sleeves • pantalon <input type="checkbox"/> gloves <input type="checkbox"/> tuwalya	
At iba pa..	<input type="checkbox"/> mga gamit ng sanggol (gatas • diaper) <input type="checkbox"/> mga gamit pambabae (kailangan sa araw araw) <input type="checkbox"/> mga gamit ng mga matatanda (diaper • gamot)	

# Impormasyon tungkol sa p


## 1 ANPI KAKUNIN

### < pagkumpirma kung ligtas o hindi >

Sa panahon ng malaking sakuna, ang mga linya ng telepono ay di gaanung magagamit. Gamitin ang (SAIGAIYODENGON DIAL) o di kaya ang (SAIGAIYODENGONBAN) kung nais mong makumpirma ang kaligtasan ng mga kaibigan at kamag anak. Ganun din kung gusto mong ipaalam sa kanila ang iyung kalagayan. Libre itong magagamit sa panahon ng sakuna.

#### 1 SAIGAIYODENGONBAN SA MGA CELLPHONE (NIHONGO • ENGLISH)

Maaring mag-iwan ng text message o kaya ay bumasa ng mensahe galing sa cellphone. Kahit na sino saan mang panig ng mundo ay pwedeng bumasa neto.



[NTTDOCOMO] iMenu,dmenu

<http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi>

[au] E Z topmenu

<http://dengon.ezweb.ne.jp/>

[SoftBank] yahoo keitaitopmenue

<http://dengon.softbank.ne.jp/>



# Mag iwan sa sakuna



## 2 SAIGAIYOUDENGON DIAL (emergency free dial) 「171」 (Nihongo)

Maaring mag iwan ng voice message at pumick ap ng mensahe gamit ang landline na telepono.

### Mag iwan ng mensahe

- 1 Tumawag sa 「171」
- 2 Pindutin ang numero 「1」
- 3 Pindutin ang numero ng sariling telepono sa bahay  
(××××-××-××××)
- 4 Pindutin ang 「1#」
- 5 Mag iwan ng mensahe
- 6 Pindutin ang 「9#」 pag tapos na



### Tumanggap ng mensahe

- 1 Tumawag sa 「171」
- 2 Pindutin ang 「2」
- 3 Pindutin ang numero ng telepono ng taong gusto mong malaman ang kalagayan (××××-××-××××)
- 4 Pindutin ang 「1#」
- 5 Pakinggan ang mensahe

※ di magagamit ang cellphone.

## 2 Alamin ang impormasyon sa pag iwan sa sakuna

Alamin ang mga tamang impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon, radio, at internet.

### 1 MATSUMOTO SHI BOUSAI MAIL 「Matsumoto Anshin Net」

Magregister gamit ang QR code sa may kanan. Kung ikaw rehistrado, magpapadala ang city hall sayo ng impormasyon tungkol sa sakuna sa pamamagitan ng mail sa inyung cellphone o sa computer.





**2 Serbisyo ng mga kompanya ng telepono  
「KINKYUUSOKUHO MAIL」**

Ito ay serbisyo alay ng mga kompanya ng telepono. Makakatanggap kayo ng emergency diasaster information sa inyung lugar sa pamamagitan ng mail. Pagkatanggap ng mensahe, agad siguruhin ang kaligtasan.

**3 IMPORMASYON HINGGIL SA KALAMIDAD SA LOOB NG  
NAGANO PREFECTURE (galing sa homepage ng NAGANO KEN)**

Malalaman ang kasalukuyang sitwasyon ng mga tren, bus at kalsada sa AHENSYA NG PAMPUBLIKONG SASAKYAN ng NAGANO PREFECTURE.

<http://www.pref.nagano.lg.jp/kurashi/shobo/saigai/index.html>


**4 NAGANO KEN KASEN SABOU JOUHO STATION**

Dito mo pwedeng malaman ang mga impormasyon hinggil sa dami ng ulan, sukat na taas ng tubig sa ilog, at mga insidente ng pagguho ng lupa sa Nagano prefecture.

<http://www.sabo-nagano.jp/>



# ぼうさいめも 防災メモ (BOUSAI MEMO)



なまえ じゅうしょ でんわばんごう  
(名前 住所 電話番号などをメモしておきます)

Isulat ang pangalan, tirahan, numero ng telepono at iba pang detalye

なまえ 名前 (Pangalan)	しょうぼうしょ <b>消防署</b> ISTASYON NG BUMBERO <b>119</b> (火事 <small>かじ</small> のとき けが <small>けが</small> や 病気 <small>びょうき</small> をしたときに 電話 <small>でんわ</small> してください Maaring tawagan kung may sunog, pinsala 0 may sakit)
くに 国 (Bansa)	
けつえきがた 血液型 (Tipo ng Dugo)	
ばすぽーと パスポートNo (Numero ng Pasaporte)	けいさつしょ <b>警察署</b> ISTASYON NG PULIS <b>110</b>
ざいりゅうかーど 在留カードNo (Numero ng Residence Card)	
にほん じゅうしょ 日本の住所 (Tirahan dito sa Japan)	さいがいでんごん だ い や る <b>災害伝言ダイヤル</b> <b>DISASTER EMERGENCY MESSAGE DIAL 171</b>
でんわばんごう 電話番号 (Numero ng telepono) いえ ・家 (Bahay) けいたいでんわ ・携帯電話 (cellphone)	
かぞく なまえ 家族の名前 (Pangalan ng Miyembro ng Pamilya) . . .	たいしかん りょうじかん 大使館・領事館 (Embahada. Konsulada)
かいしゃ がっこう 会社、学校など (Kompanya, Paaralan) なまえ ・名前 (Pangalan) じゅうしょ ・住所 (Tirahan) でんわ ・電話 (Telepono)	にゅうこくかんりぎょく 入国管理局 (Imigrasyon)
にほん ともだち れんらくさき 日本の友達の連絡先 (Numero ng telepono ng kaibigan ditto sa Japan) なまえ ・名前 (Pangalan) じゅうしょ ・住所 (Tirahan) でんわ ・電話 (Telepono)	まつもとしやくしよ じん けん きょう せい か 松本市役所 人権共生課 まつもとしたぶんかきょうせいぶらざ 松本市多文化共生プラザ Matsumoto City Office Human Rights・Gender Equality Division Matsumoto Multicultural Plaza TEL 0263-39-1106
くに れんらくさき あなたの国での連絡先 (Kontak ng kamag anak sa Pilipinas) なまえ ・名前 (Pangalan) じゅうしょ ・住所 (Tirahan) でんわ ・電話 (Telepono)	れんらくさき 連絡先 (Listahan ng kontak) がす ・ガス (Gas) でんき ・電気 (Kuryente) すいどう ・水道 (Tubig) ほか ・その他 (At iba pa..)

ひなんばしよ  
避難場所 (Evacuation area)

かぞく しゅうごうばしよ  
家族の 集合場所  
(Napagkasunduang Lugar Tagpuan ng Pamilya)

